



Republic of the Philippines
CITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-LABING TATLONG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG LUNGSOD NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG BIYERNES, IKA-7 NG ABRIL, 2006 SA GUSALING BATASAN NG PAMAHALAANG LUNGSOD.

Mga Dumalo:

- | | |
|----------------------------------|-----------------------------------|
| 1. Kgg. ARLENE ARCILLAS-NAZARENO | - Pang. Punong-lungsod,
Namuno |
| 2. Kgg. LAUDEMER A. CARTA | - Kagawad |
| 3. Kgg. JOSE C. CARTAÑO | - Kagawad |
| 4. Kgg. PETRONIO C. FACTORIZA | - Kagawad |
| 5. Kgg. RAUL P. AALA | - Kagawad |
| 6. Kgg. ARTURO M. TIONGCO | - Kagawad |
| 7. Kgg. ARNEL DC. GOMEZ | - Kagawad |
| 8. Kgg. ANTONIA T. LASERNA | - Kagawad |
| 9. Kgg. ROY M. GONZALES | - Kagawad |
| 10. Kgg. RONALD IAN A. DE GUZMAN | - Kagawad |
| 11. Kgg. MYTHOR C. CENDAÑA | - Kagawad |

Di-Dumalo:

- | | |
|-------------------------|-----------|
| 1. Kgg. ROMEO P. AALA | - Kagawad |
| 2. Kgg. AIZEL B. ALIPON | - Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 91-2006
(Sa mungkahi ng Lupon ng Public Utilities,
Facilities and Communications)

ANG KAPASIYAHAN

na nagpapatibay ng Ulat ng Lupon ng Public Utilities, Facilities and Communications na ginagawang bahagi ng Katitikang ito at nilagyan ng Tandang "M" na tumatalakay sa petisyon ng mga kasapi ng ULTODA sa kanilang Pangulong si G. Elpidio Pakinggan.

IPINASIYA DIN, na atasan ang Kalihim na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito at Ulat ang magkabilang panig.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinatotohanan:

Arlene Arcillas-Nazareno
ARLENE ARCILLAS-NAZARENO
Pangalawang Punong-lungsod

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay para sa Ikalawang Pagbasa at sinipi mula sa katitikan ng Ika-13 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Panlungsod ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-7 ng Abril, 2006.

Cynthia M. Gomez
CYNTHIA M. GOMEZ
Kalihim Panlungsod

Luis D. Ceruantes

Antonio H. Pardo
Rel Herol



ULAT NG LUPON TRANSPORTASYON

Republic of the Philippines
CITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

**PAKSA: PETISYON NG MGA MIYEMBRO NG
ULTODA NA MAKAPAGDAOS NG
"SNAP ELECTION"**

MGA KATOTOHANAN (FACTS)

Ang mga miyembro ng ULTODA ay nagsulit ng petisyon/kahilingan ng pagdaraos ng "snap election" na nilagdaan ng diumano'y 106 ng kasapi ng samahan, sa pangunguna nina G. NOLI PATANAO, TONY PACO, DANNY YANG, IKONG TATLONGHARI at EDDIE BASBAS dahilang diumano sa paglabag sa patakaran ng samahan tulad ng:

1. Patuloy na pagbubutaw ng asosasyon ng P150.00 kada buwan sa Federasyon na hindi kinikilala ng Sangguniang Panlungsod;
2. Pag-utang ng Treasurer ng P56,000.00 para sa Christmas Party ng 2004 na hindi ipinaalam sa mga miyembro at kapwa opisyaes at binayaran ng P58,500.00 mula sa pondo ng asosasyon noong 2005;
3. Ang P16,106.00 ay hindi isnama sa loob ng isang taon sa financial report na kung hindi nabuksan ng ilang miyembro ay nakurakot at naibulsa ng Treasurer;
4. Pagkatuklas na may nawawala o nakurakot na halagang P10,274.00 sa pondo ng taong 2005.

Nagsagawa ng pagdinig ang Lupon ng Transportasyon na dinaluhan ng kabilang panig na pinangungunahan naman ng kasalukuyang pangulo ng ULTODA na si G. ELPIDIO PAKINGGAN.

Sa pagpupulong ay isa-isang tinalakay ang mga alegasyon na ipinaliwanag ng mga kinatawan ng nagsulit ng petisyon na sinagot naman ng panig ng kanilang Pangulong si G. Pakinggan. Ayon sa kanilang panig ay nagkaroon lamang ng hindi pagkakaunawaan at sa kasalukuyan ang mga binaggit na salapi ng samahan na diumano'y naibulsa ay napabalik na sa kaban ng samahan at nakalakip na rin sa Financial Statement. Ang pag-utang diumano para sa Christmas Party sa halagang P56,000.00 ay nangyari sa dahilang ang financial statement ay hindi nag-tally sa pagsusuri ng Auditor at kinailangang ipatuos sa isang Certified Public Accountant at sa dahilang gahol na sa panahon para sa pagdiriwang ng pasko kinailangang mangutang upang matuloy; na ang halaga sa kasalukuyan ay binayaran na ng asosasyon at ang salaping ginugol ay ginamit naman at nakinabang ang mga kasapi. Sa panig ng nagpepetisyon ang ginawi ng Pangulo at mga kasama ay labag sa patakaran ng samahan.

PAG-AARAL AT MUNGKAHI NG LUPON:

Batay sa mga paliwanag sa naganap na pagpupulong ay nakita ng lupon na ang suliranin ay nag-uugat sa hindi pagkakaroon ng maayos na komunikasyon. Nakikita din ng Lupon na ang pagdaraos ng "Snap Election" ay hindi magiging kalutasan sa hidwaan, bagkos ay magiging dahilang ng lalong pagkakawatak-watak ng isang samahan sa isang lugal o barangay.

Pahina-2, Ulat ng Lupon (ULTODA)


Iminumungkahi ng Lupon sa mga nagsulit ng petisyon na hintayin na lamang ang susunod na halalan batay sa kanilang By-Laws at upang maiwasan na maulit ang mga usaping pang-pinansiyal ay maging mapagsubaybay at maging tapag-payo sa mga pagkakataong may nakikitang pagkakamali ang sinuman sa mga opisyal upang hanggang maaga ay maitama ito. Gayundin ay ipinararating sa kanila na ang tamang ahensiya upang magbigay pahintulot sa halalan ng isang samahan kung hindi napapanahon at naaayon sa kanilang By-Laws ay sa ahensiyang nagpapatibay sa kanilang samahan, ang Securities and Exchange Commission.

Sa panig ng kasalukuyang pamunuan na kinabibilangan ni Pangulong Pakinggan ay pinapayuhan sila ng lupon na:


1. Anumang usaping pangpinansiyal ay isangguni sa mga kasapi, lalo't higit ang paglalabas ng kanilang pananalapi;
2. Magkaroong ng "quarterly report" sa kalakaran ng pananalapi (financial statement) at ipaalam o bigyang sipi ang mga kasapi para sa maaga nilang pagsusuri;
3. Anumang pagpapasiya ng mga opisyal sa anumang bagay ay nararapat na isangguni o ipaalam sa mga kasapi.

Gayundin ay iminumungkahi ng Lupon sa Samahan na isulit sa kanilang Barangay ang bilang at talaan ng kanilang mga kasapi.

Ika-28 ng Marso, 2006.


KGG. JOSE C. CARTAÑO
Tagapangulo


KGG. LAUDEMER A. CARTA
Kagawad


KGG. PETRONIO C. FACTORIZA
Kagawad